**TG: UNANG MARKAHAN**

**Ika-apat na Linggo- Aralin 3**

**I. Layunin**

Nasasagot ang mga tanong sa binasang anekdota.

**II. A. Paksang Aralin** :Pagsagot sa mga tanong sa binasang anekdota

**B. Sanggunian** : Bagong Filipino. SSA6 - Aklat sa Pagbasa mga pahina 6-7,F5PB-Id-3,4

**C. Mga Kagamitan** : Larawan, Video Clips

**III. Pamamaraan**

**1. Balik-aral:** Paano ang pagsulat ng balangkas ng talambuhay? Ano-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng balangkas?

**2. Pagsasanay:** Pagbasa ng anekdota tungkol kay Fernando Amorsolo,pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**3. Mga Gawain:**

**A. Pagganyak**.Pangkatin nag mga bata sa limang gurpo.Buuin ang jigsaw puzzle.Pagkatapos ay ipakita ang nabuong larawan.

**B. Paglalahad**. Pagbasa ng anekdota ni Pangulong Manuel L. Quezon

**C. Pagtatalakay**. Pag-usapan ang nilalaman ng binasang anekdota sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

**D. Pagpapayamang Gawain.** (Group Activity)

Pagsasagawa ng iba't- ibang gawain na ibibigay sa bawat grupo.

**E. Paglalahat**

**a**. Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat , Itanong: " Ano ang anekdota?

**F. Paglalapat**. Isulat ang mga detalye para sa sumusunod na mga bahagi ng buhay ni Manuel Luis M. Quezon. Gawin ito bilang pangkatang Gawain.gumamit ng manila paper.

1. Kapanganakan :

   a. Lugar: ______________________ b. Petsa: ________________________

2. Mga Magulang :

   a. Nanay: ______________________ b. Tatay: ________________________

3. Pag-aaral/ Paaralang pinasukan

   a. Elementarya: ________________________ c. Kolehiyo: ________________________
   b. Sekondarya: _________________________

4. Mga Tungkulin sa Bayan

   a.______________________________ c___________________________
   b.______________________________ d.__________________________

**IV. Pagtataya**

Buuin ang balangkas batay sa detalye ng binasang anekdota.

" Ang Tala ng Baler"

I. Sino si Manuel Luis M. Quezon?

a. __________________________

II. Ano-ano ang mga katangian ni Pangulong Manuel L.Quezon?

a. _________________________

b.__________________________

III. Ano-ano ang mga nagawa niya sa bayan?

a.________________________________

b._______________________________

**V.Takdang Aralin**

Sumipi o magsaliksik ng isang anekdota ng buhay ng isang naging kapitan ng inyong barangay. Isulat ito sa isang papel.

**TG: UNANG MARKAHAN**

**Ika-apat na Linggo**

| |
|---|
| **Aralin 4**<br><br>**Layunin:**<br><br>Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa isang paksa. |

II**. A. Paksang Aralin :** Paggamit ng angkop na aklat sa paghahanap ng impormasyon.

“ Isports para sa kabataan.”

**B. Sanggunian**: BEC-PELC Pagbasa 17, p.38, FSEP-Ed-6

**C. Kagamitan:** mga aklat at babasahin , paggamit ng silid aklatan.

**III. Pamamaraan:**

**1. Balik-aral**

Isulat ng isa-isa ang mga sumusunod na aklat sa cartolina. Ipasagot ang mga tanong at ipalagay sa mga bata ang mga nakasulat sa cartolina kung saan ito nararapat. Gawin itong laro. Ang maraming nasagot ang siyang panalo.

**2. Mga gawain**

**A.Pagganyak**

Sa paghahanap ng mga impormasyon , saan ka dapat pumunta? Anu-anong aklat ang matatagpuan mo rito? Dapat bang gamitin ang mga ito nang maayos? Paano?

**B. Paglalahad**

Pagbasa at pagtalakay sa aralin.

Pag-usapan kung paano ang maayos na paggamit ng mga aklat.

**C. Pagtalakay**

Sa pagkuha ng tala tungkol sa isang paksa, ano ang dapat sangguniin?

**D. Pagpapayamang Gawain(Group Activity)**

Panuto: Pag-aralan mo ito at sagutin ang mga tanong.

Pangkat I- 1. Ano ang bilang ng mga aklat na nauukol sa kasaysayan ng isang bansa?

Pangkat II- 2. Kung gusto mong magbasa tungkol sa agham? Anong pangkat ang hahanapin mo?

Pangkat III- 3. Kung gusto mong magbasa ng mga bantog na tao sa larangan ng panitikan /saang pangkat ka maghahanap?

Pangkat IV-4. Gusto mong magbasa tungkol sa sining/ anong pangkat ang hahanapin mo?

PangkatV-5. May takdang aralin ka sa teknolohiya/ saan mo hahanapin ang mga aklat na maaaring basahin?

**E.Paglalahat**

A. Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat. Itanong panipi. Ano ang angkop na gagamitin sa paghahanap ng mahahalagang impomasyon tungkol sa isang paksa.

**F. Paglalapat**

Panuto: Pangkatin ang mga bata sa dalawa. Ipahanap kung saan makakakuha ng kaalaman tungkol sa mga sumusunod sa paksa. Ang maraming nasagot ang siyang panalo.

______1. Mga mamamayan ng Hapon.

______2. Paraan ng paggawa ng saranggola.

______3. Mga pulis sa trapiko.

______4. Paggawa ng papel.

______5. Mga karagatan ng daigdig.

**IV. Pagtataya:**

Panuto: Isulat kung anong pangkat kasama ang mga aklat sa ibaba. Sabihin ng pabilisan ang sagot.

_____1. Makabagong Matematika.

_____2. Mga bantog na siyentipiko.

_____3. Si Hesus ang Dakilang Guro.

_____4. Muhamadismo.

_____5. Ang mga makata na Pilipino.

## V. Takdang-Aralin

Tumungo sa aklatan at humango ng aklat tungkol sa mga sumusunod. Isulat ang pamagat.

1.relihiyon

2.kasaysayan

3.teknolohiya

4.agham

5.matematika

**TG: IKALAWANG MARKAHAN**

**Ikatlong Linggo- Aralin 4**

I. **Layunin:** Nasasabi ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.

II. **A. Paksang Aralin:** Pagbibigay ng Sanhi sa Magkakaugnay na Bunga na Inilahad sa Kwento

"Ang Bayaning Iskawt"

A. **Sangunian:** BF-SSAG- Aklat sa Pagbasa, mga pahina 38-43
F5PB-IIc- 6.1
B. **Kagamitan:** Larawan, Video clips
C. **Pamamaraan:**
   1. **Balik aral:** Ano ang tinatawag nating pamilyar at di pamilyar ng mga salita? Magbigay ng mga halimbawa.


2. **Pagsasanay:** Pangkatang Gawain. Magbigay at magsagawa ang mga batas ng iskawt.
3. **Mga Gawain:**
   - **A. Pagganyak**: Itanong sa mga bata kung sila ay may narinig o nabasang kwento tungkol sa isang batang katulada nila na ibinuwis ang buhay alang-alang sa kapwa.

   - **B. Paglalahad:**
     a. Paghahawan ng Balakid


     Tukuyin ang pinakamalapit na katuturan ng mga salitang may salungguhit, gamiting patnubay ang bilang at hugis ng letra.

     Pagkatapos gamitin ito sa pangungusap.


     1. Maayos ang pamamahala sa bansa ni Pangulong Rodrigo Duterte.


     2. Nabalita si Lea kaugnay ng isang malungkot na pangyayari.

     3. Ang mabilis na pagpapasya ang nagdulot sa kanya ng labis na kamatayin.

     4. Nagampanan niya nang lubusan ang panunumpa at batas ng iskawt.

     b. Pagbuo na pangganyak na Tanong. Patnubayan ang klase sa pagbuo ng pangganyak na tanong tulad ng “Paano ipinakita ni Aries ang kanyang pagmamahal kapwa?
     c. Pagtatakda ng pamantayan sa pagbabasa.
     d. Pagbasa ng isang lathalain.

   - **C. Pagtatalakay** (nasa ph. 39-BF) 1-4
   - **D. Pagpapayaman Gawain.** (Group Activity ph. 42)
   - **E. Paglalahat.** Patnubayan ang bata sapagbubuo  ng paglalahat ph. 41)

**Ikatlong Lingngo- Aralin 5**

I. **Layunin.** Nakasusulat ng Talambuhay

II. **A. Paksang Aralin:** "Pagsulat ng Talambuhay"

**B. Sangunian:** Bagong Filipino SSAG-aklat sa Pagbasa, mga Ph. 52

**C. Mga kagamitan:** larawan, video clips.

III. **Pamamaraan**

1. **Balik-aral:** Ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng anekdota?
2. **Pagsasanay:**
   Pagbasa ng talambuhay tungkol kay Josefa Llanes Escoda. Pagkatapos ay sagutin ang mga asumusunod na tanong.
3. **Mga Gawain**
   - **A. Pagganyak:** Pangkatin ang mga bata sa limang grupo. Buuin ang jigsaw puzzle. Pagkatapos ay ipakita ang nabuong larawan.
   - **B. Paglalahad:**
     Pagbasa ng talambuhay tungkol kay Josefa Llanes Escoda.
   - **C. Pagtatalakay:** pagusapan ang nilalaman ng binasang Talambuhay sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.
   - **D. Pagpapayamang Gawain**: (Group Activity) Pagsasagawa ng ibat-ibang Gawain na ibibigay sa bawat grupo.
   - **E. Paglalahat:**
     Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat itanong "Ano ang Talambuhay"
   - **F. Paglalapat:** Isulat ang mga detalye para sa sumusunod na mga bahagi ng buhay ni Josefa Llanes Escoda. Gawin bilang pangkatang gawa. Gumami ng Manila Paper.

IV. **Pagtataya**

Sumulat ng maikling sariling Talambuhay.

V. **Takdang-Aralin**

Magsaliksik ng isang talambuhay ng bayani. isulat ito sa isang buong papel.

**TG: IKALAWANG MARKAHAN**

**Ika-apat na Linggo**

**Aralin 3**

I**. Layunin**

Nakapagbibigay ng wakas sa nabasang kwento.

Naitatala ang mga impormasyon mula sa binasang teksto.

Pagpapahalaga: Matutong magpahalaga sa mga lumang akda.

II. **Paksang Aralin:**

Pagbibigay ng wakas sa nabasang kwento.

Sanggunian: Bagong Filipino pahina 98-99, F5PB.IId-21, F5EP. II adf- 10

Kagamitan: Tsart

**III. Pamamaraan:**

1**.Balik-aral:** Magbigay ng mga salitang iisa ang baybay pero magkaiba ang diin at kahulugan. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

**2.Pagsasanay:**

Pangkatin ang klase at papiliin ng lider ang bawat grupo. Gamit ang meta card nakasulat ang mga kwentong di-tapos. Lagyan ng angkop na wakas ang kwentong binasa. Ang bawat pangkat ay pupunta sa harapan ng klase.

**3. Mga Gawain:**

**A. Pagganyak:**

Nagbabasa ba kayo ng kwentong-bayan? Anu-ano ang mga kwentong-bayan ang alam mo?

**B. Paglalahad**

a. Paghahawa ng balakid. Bilugan ang titik ng kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Isang makapangyarihang <u>nilalang</u> ang nabubuhay noon.

a.tao b.may buhay c.hayop

2.Naisip ni Maka-ako na bigyan ng liwanag ang madilim na <u>kalawakan.</u>

a.langit b.papawirin c.ekwador

3. <u>Sumambulat</u> ang bolang apoy at ito’y nagkapira-piraso.

a.sumabog b.nadurog c.napingot

b. Pagbasa sa kwentong bayan “Bakit sa gabi lamang nakikita ang buwan at mga bituin?”

c.Pag-unawa sa kwento

Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kwento.

**C. Pagtatalakay**

Sagutin sa buong pangungusap ang sumusunod na mga tanong.

1. Paano nagsimula ang kwentong-bayan na iyong binasa?

2. Angkop ba sa mga pangyayari ang naging wakas nito?Bakit?

3. Anong mahalagang pangyayari ang nakatulong sa pagwawakas ng kwento?

4. Lapatan ng ibang wakas ang kwento. Ipaghalimbawa na ikaw si Maka-Ako at sina Buyana at Adlawino ay iyong mga kapatid na nakababata sa iyo anong wakas ang ibibigay mo ?

**D. Pagpapayamang Gawain**

Basahin ang seleksyon sa ibaba “Mga Sulyap sa Ating Bayan” at sagutin ang kasunod na mga pagsasanay. Bigyan ng wakas ang nasabing kwento. (Pangkatang Gawain)

Pangkat A- Dula-dulaan

Pangkat B- Panayam

Pangkat C- Tula

Pangkat D- Pantomine

E. Paglalahat

A. Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat.

Itanong: Paano mo mabibigyan ng wakas ang iyong kwentong nabasa?

**F. Paglalapat**

Isulat ng maayos ang kwentong hindi tapos. Basahin at angkupan ito ng sariling wakas. Isulat ito sa manila paper.(Group Activity)

**G. Pagtataya:** Lagyan ng angkop na wakas ang kwento.

1. Ikaw ay inutusan ng iyong guro na magdala ng isang sulat sa kapwa niyang guro subalit sa hindi inaasahang pagkakataon, nawala at hindi mo na naibigay ang sulat. Nagparoo’t parito ka sa daan at nagbakasakaling nahulog mo subalit wala. Napilitan kang bumalik sa bahay doon mo naiwan sa ibabaw ng mesang bilog.

2. Sa loob ng paaralan, matapos na tumunog ang bell na hudyat ng pagtatapos ng klase, sinabi ng inyong guro na gumayak na kayo sa inyong pag-uwi at dahan-dahan kayong lalabas ng silid-aralan ngunit sinabi rin sa inyo na lalabas siya sandali at hintayin siyang makabalik. Pagtalikod niya, biglang may nagsigawan sa kwadranggel ng paaralan. Dumungaw kayo sa bintana laking gulat ng lahat ng matanaw niyo ang isang mahusay na manlalaro ng basketbol. Nagpalakpakan kayo pero wala isa man sa inyo ang lumabas ng pinto. Dinatnan kayong lahat ng inyong guro ng bumalik siya.

**H. Takdang-Aralin**

Sumulat ng isang kwentong hindi tapos. Isulat ito sa isang buong papel.

**TG.: IKALAWANG MARKAHAN**

**Ika-apat na Linggo- Aralin 4**

**I. Layunin:**

Nakasusulat ng sulating pormal

**II. A. Pagkasang-** Aralin: Pagsulat ng Talata

**B. Sanggunian:** Hiyas sa Wika, ph. 88-91
F5PU IId- 2.10

**C. Kagamitan:** Sulating Pangwakas

**III. Pamamaraan**

1. **Balik- aral:** Paano ang pagsulat ng talambuhay? Ano- ano ang dapat tandaan sa pagsulat nito
2. **Pagsasanay:** Punan ng wastong pandiwa ng patlang ng talataan. Isaalang- alang ang iba't- ibang aspeto ng mga pandiwa ayon sa pagkakaganap ng kilos na isinasaad sa bawat pangungusap.(Group Activity)
3. **Mga Gawain:**
   A. **Paglalahad.** Pagbasa ng mga bata sa isang talata " Wikang Pambansa, ph. 88"
   **B. Talakayin**
   1. Paano sinisimulan ang talata?
   2. Anong Titik ang ginagamit sa simula ng bawat pangungusap? Nang mga pangalang pantangi?
   3. Papaano nagtatapos ang bawat pangungusap?
   4. Anong bantas ang ginagamit sa mga salitang hinahati sa dulo ng linya?
   5. Saan- saan ang palugit?
   6. Ano- ano ang pamaksang pangungusap sa bawat talata?

   **C. Alamin**
   Narito ang wastong anyo ng talata.

Pamagat_________________________
Espasyo
Pasok___________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
_____________.

**D.Pagpapayamang Gawain(Group Activity**)

Basahin at suring mabuti ang sumusunod na talata.

**E.Paglalahad**

a. Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat, Itanong " Ano ang mga dapat tandaan o mga pamantayang sinusunod sa wastong pagsulat ng talata.

**Tandaan**

- May mga panuntunang sinusunod sa wastong pagsulat ng talata.
  - Isulat ang pamagat sa gitna sa gawing itaas ng sulatang papel.
  - Lagyan ng espasyo sa pagitan ng pamagat at mga talata.
  - Gamitin ang malaking titik sa simula ng mahahalagang salita sa pamagat/ simula ng bawat pangungusap, simula ng mga pangangalang pantangi, at sa pagsulat ng pamagat.
  - Gamitin ang wastong bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.
  - Ipasok ang unang pangungusap ng talata.
  - Magkaroon ng palugit sa magkabilang panig ng papel.

**F. Paglalapat**

Pagsunod- sunurin ang mga pangungusap upang makabuo ng isang maayos na talata. Isulat ang bilang 1- 5 sa patlang. Pagkatapos, Isulat sa manila paper ang nabuong talata ng bawat pangkat.ph. 91.

**IV. Pagtataya**

Sumulat ng dalawa o tatlong talata tungkol sa isang paksang mapipili sa mga nakatala. Sundin ang mga pamantayan sa pagsulat ng mahusay na talata.

1. Isang Paglalakbay
2. Mga Yaman sa Ating Kagubatan
3. Ang Ating mga Bayani